

Ang Relihiyosong Imahe ng Bulacan bilang *Cultural Energy*

Melanie D. TURINGAN

University of Santo Tomas
mdturingan@ust.edu.ph
<https://orcid.org/0000-0003-3260-7993>

Glenn Irwin C. REYNON

University of Santo Tomas-Angelicum College
glenn.reynon@ustangelicum.edu.ph
<https://orcid.org/0000-0002-9442-4095>

ABSTRAK

Kilala ang lalawigan ng Bulacan sa mga bayaning nakipaglaban, at nakapag-ambag ng malaki upang makamit ang Kalayaan. Gayundin, tanyag din ang lalawigan dahil sa mga dakilang personalidad kagaya nina Francisco Balagtas, Nicanor Abelardo, at Guillermo Tolentino. Dagdag pa rito, kilala ang Bulacan sa pagkakaroon ng malalim na pananampalataya ng mga mamamayan. Marami ring mga tradisyon, kaugalian at paniniwala ang lalawigan ng Bulacan na hanggang sa kasalukuyan ay isinasagawa pa rin ng mga Bulakeño.

Kinakailangan munang maunawaan ang kultura ng isang tao bago maunawaan ang espiritwalidad nito. Sa ganitong paraan ay mauunawaan ang konsepto ng espiritwalidad ng isang tao. Sa pag-aaral na ito, gamit ang dalumat ng *cultural energy* ni Albert Alejo, SJ, sinuri ang mga tradisyon, kaugalian at paniniwala ng lalawigan ng Bulacan. Sinuri rin ang mga nabuong espiritwal na padron sa kasanayang kultural ng Bulacan.

Mga Susing Salita: Bulacan, espiritwalidad, relihiyon, tradisyon

Panimula

 ng lalawigan ng Bulacan ay matatagpuan sa sentro ng Gitnang Luzon. Ipinagmamalaki ng lalawigan ang pagkakaroon ng mayamang pamanang historikal. Taong 1889, kinilala ang simbahan ng Barasoain sa lungsod ng Malolos, bilang lugar kung saan itinatag ang pinakaunang Republika sa Asya.

Kinikilala rin ang Bulacan sa pagkakaroon ng mga hindi matatawarang personalidad tulad ng mga bayaning sina Marcelo H. Del Pilar, ang pinakamahusay na propagandista at Gregorio del Pilar, ang bayani ng Pasong Tirad at ang mga Kababaihan ng Malolos. Naging tahanan din ito sa pagkakaroon ng mga Pambansang Alagad ng Sining tulad ng mga makatang sina Francisco “Baltazar” Balagtas at Jose Corazon de Jesus o Huseng Batute, ang mga kompositor na sina Nicanor Abelardo at Francisco Santiago ang eskultor na si Guillermo Tolentino.

Bilang mayaman sa industriyang lokal, ang Bulacan ay kilala sa negosyong tulad ng matatamis na pagkaing karaniwan ay panghimagas tulad ng pastillas at yema, ang alahas na ginto ng Meycauayan, ang suka ng Paombong, ang mga kasangkapan mula sa buto at buntal na sumbrero ng Baliwag.



Figura 1: Mapa ng Lalawigan ng Bulacan

Ang Bulacan at ang Relihiyon

Kilala ang lalawigan ng Bulacan sa pagkakaroon ng mayamang kasaysayang panrelihiyon. Makapangyarihan ang relihiyon sa isang lipunan dahil nagdudulot ito ng malaking epekto sa kultura. Isa sa mga halimbawa nito ay ang lalawigan ng Bulacan. Mayaman ang kasaysayan ng pananampalatayang Kristiyano ng Bulacan na ipinunla ng mga unang misyonero na mga Fransiskano at mga Agustino na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy na yumayabong. Makikita ito sa mga kaugalian, tradisyon at mga natatanging relihiyosong pagdiriwang na tila sumasalamín sa pagkatao ng mga Bulakeño.

Ayon sa datos ng *Philippine Statistics Authority sa Household Population by Religious Affiliation, Sex and City/Municipality* na lumabas noong Hunyo 2020, mayroong hindi bababa sa sampung relihiyosong grupo sa lalawigan ng Bulacan. May 90% na bahagdan ang Katoliko, 4.20% na bahagdan naman ang mga Protestante kasama ang Iglesia ni Cristo, .13% na bahagdan naman ang Muslim at 5.67% bahagdan ay mula sa iba't ibang relihiyosong grupo.¹ Kapansin-pansing nanatiling mayorya ang mga Katoliko sa lalawigan na napabibilang sa diyosesis ng Malolos. Mula noon hanggang sa kasalukuyan, bahagi pa rin ng probinsya Metropolitano ng Arkidiyosesis ng Maynila ang diyosesis ng Malolos na itinatag noong Pebrero 6, 1579 sa bisa ng *Illius fulti praesido* ni Papa Gregorio XIII.

Ayon sa kasaysayan, dinala ng mga misyonerong Agustino ang Katolisismo sa Bulacan. Mula Maynila, naglayag ang mga misyonero hanggang makarating sa bayan ng Calumpit noong 1572 sa ilog ng Meyto. Mula naman sa Calumpit, ang pananampalatayang Kristiyano ay unti - unting yumabong hanggang sa maitanim ang krus sa Canalete sa bayan ng Malolos noong 1580 sa pamumuno ni Fray Diego Ordonez de Vivar.²

Sa katimugang bahagi ng lalawigan, ang mga Fransiskano naman sa pangunguna ni Fray Juan de Plasencia na sumulat ng *Catesismo Tagalog de la*

¹ National Statistics Office, “*Census of Population and Housing Report no. 2, Volume I: Demographic and Housing Characteristics (Bulacan)*,” <https://psa.gov.ph/sites/default/files/BULACAN%20.pdf>.

² National Historical Institute, *Historical Markers, Regions I-IV and CAR*, (Manila: NHI, 1993), 297.

Doctrina Cristiana (1581) at Fray Diego de Oropesa ay siya namang naghasik ng binhi ng Kristiyanismo sa isang lugar sa kabukiran ng silangang bahagi ng Meykawayan sa pook na kung tawagin ay “Sitio Toril” (na ang ibig sabihin ay “pook ng mga toro”). Ang dalawang nasabing Fransiskano ang kinikilala ring tagapagtatag ng mga simbahan sa lalawigan ng Quezon at Laguna.³

Bilang karagdagan, kilala ang Bulacan bilang lunan ng mga bayani at mga banal na tao. Sa Bulacan nanirahan ang maraming banal tulad nina San Pedro Bautista sa bayan ng Meykawayan noong taong 1588 na nanungkulang *Ministro Provincial*.⁴ Samantala, nanirahan sa Lolomboy, Bocaue si San Andres Kim Taegon noong siya’y nag-aaral sa Universidad ng Santo Tomas.⁵ Mula naman sa Parokya ng Calumpit isinilang ang magkapatid na Dionisia de Sta. Maria Mitas Talangpaz (1691 – 1732) at Cecilia Rosa De Jesus Talangpaz (1693 – 1731) na *fundadora ng Beaterio de San Sebastian*.⁶ Ang mga pari ay nakilala sa kanilang pagiging makabayan at kapuwa naiakyat na sa Roma ang kahilingan na sila ay ibilang sa hanay ng mga banal. Si P. Mariano V. Sevilla naman na Kura Paroko ng Hagonoy ay kasama ng ilang mga bayani ng Pilipinas na ipinatapon sa Marianas at ang kaniyang “bodas de platas” ay naging laman ng pahayagan dahil sa mga bayani at kilalang tao ng rebolusyon na dumalo sa kaniyang pagdiriwang. Sa panulat ni P. Sevilla nagmula ang salita at konsepto ng KALAYAAN at siya rin ang may - akda ng *Flores de Maria o Marikit na Bulacnac* (1888).⁷ Mula sa Sta. Ines, Bulakan, Bulacan naman isinilang si P. Mariano Pilapil, ang kauna-unahang sumulat ng nobena para sa buwan ng Mayo sa wikang Tagalog at siya ang may-akda ng “Pasyong Genesis” na hanggang sa kasalukuyan ay binabasa pa sa buong Katagalugan at naging batayan din ng “Pasyon ng Ilocano”.⁸

Bagama’t hindi kaugnay ng kasaysayan ang pananampalataya, ang simbahan ng Barasoain at ang kumbento ng katedral ng Malolos ay kinikilala sa kasaysayan ng Pilipinas. Sa Barasoain idinaos ang kauna-unahang kongreso sa buong Asya noong 1898. Pinasinayaan din dito ang kauna-unahang Republika ng Pilipinas noong panahon ng Rebolusyon. Ang simbahang ito ay nakalagay sa dating sampung pisong papel. Sa kabilang banda, ang kumbento naman ng katedral ang naging *Palacio Presidential* noong panahon ng Rebolusyon, ang panandang pangkasaysayang nakalagay dito ay makikita sa dating limang pisong papel.

Mayroon ding tatlo na “Pambansang Dambana” ang Bulacan – ang dambana ng Sta. Ana sa Hagonoy (1991), ang dambana ng *Divine Mercy* sa Marilao (2002), at ang dambana ng Mahal na Birhen ng Fatima sa Valenzuela (na dating bahagi ng lalawigan) (1976). Kilala rin ang lalawigan sa pista na iniaangkla sa santo – ang pagluhod ng mga kalabaw sa kapistahan ni San Isidro sa bayan ng Pulilan, ang sayaw ng mag-asawa na humihingi ng anak sa Nuestra Senyora de Salambao, kay Sta. Clara at San Pascual Baylon sa bayan ng Obando, at ang prusisyon ng mga naglalakihang imahe ng bayan ng Baliuag tuwing mga mahal na araw.

³ Vicente Barrantes, *Apuntes Interesantes sobre las Islas Filipinas*, (Madrid: Imprenta de El Pueblo, 1869), 79.

⁴ Erwin Schoenstein, “San Pedro Bautista in the Philippines,” <https://ofmphilarchives.tripod.com/id11.html>

⁵ Luke Godoy. “Bocaue builds church for Korean saint,” <https://cbcponlineradio.net/bocaue-builds-church-for-korean-saint/>

⁶ Solita C. Monsod, “Sainthood for the Talangpaz sisters,” *Philippine Daily Inquirer*, last modified July 24, 2018, <https://econ.upd.edu.ph/perse/?p=7043>.

⁷ “History of Diocese of Malolos,” <https://malolosdiocese.ph/history/>.

⁸ “History of Diocese of Malolos.”

Mahalaga ring makitang sa lalawigan din ng Bulacan iniluwal ang *Jesus is Lord (JIL) Worldwide* na itinatag ni Eduardo Villanueva noong 1978.

Tunay ngang makapangyarihan ang relihiyon sa isang lipunan. Malaki ang nagagawa nitong epekto sa isang kultura kaya masasabing nakokontrol ng relihiyon ang isang partikular na kultura at lipunan. Subalit, hindi kailanman maaaring kuwestiyunin o sukatin ang pananampalataya ng isang tao dahil produkto ito ng kaniyang sariling kaisipan at damdamin. Samakatuwid, likas na sa tao ang pagiging *homo religious* o taong relihiyoso sa simula't sapul. Ang relihiyon ay mabubuhay hangga't may mga lipunan ng tao.

Ang *Cultural Energy* na dinalumat ni Alejo

Dinalumat ni Alejo ang *cultural energy* bilang kolektibong kakayahan o kagustuhan ng isang taong maging *siya*. Tumutukoy ito sa ka-ako-han ng isang tao. Nagiging *siya* ang isang tao kung nagagawa niya ang bagay na bahagi na ng kanyang sistema. Nagiging *siya* ang isang tao kung *likas* ang mga bagay na kanyang ginagawa. Nagiging *siya* ang isang tao kung nagagawa niya ang mga bagay na nakapagpapasaya sa kanya. Ang *cultural energy* ay parehong lulan ng kahulugan at balangkas para sa pagkilos. Dagdag pa rito, tumutukoy ito pangangailangan ng tao na sama-samang tiisin ang sakit upang mapanatili ang kanilang pag-iral. Ito ang produktong nabuo mula sa mga paniniwala at kultura ng isang tao na ibinabahagi niya sa kanyang kapwa. Ayon nga kay Alejo:

Cultural energy is both a fountain of meaning and a framework for action. It has something to do with meaning, not doctrine; not a true statement, but meaning in the sense of the truths that help people to go on with life. It is also a framework for action in that it provides an interactive role for the self.⁹

Samakatuwid, ang *cultural energy* ni Alejo ay isang balangkas ng pakikipagpagsapalaran ng isang tao sa kanyang mga paniniwala at kultura. Sa ganitong pamamaraan, gagamitin ang apat na espiritwal na dimension ng *cultural energy* – espiritwalidad ng katawan, espiritwalidad ng nakararami, espiritwalidad ng pagdiriwang, at espiritwalidad ng negosasyon, sa tatlumpong manuskripto sa koleksiyong Otley Beyer upang mabigyang hugis ang pagbuo ng relihiyosong imahe ng lalawigan ng Bulacan.

Spirituality has always been difficult to define. At the heart of the notion of spirituality, however, is the search for the sacred, for a transcendent dimension to life, for something that gives people meaning in their lives. It is the search for something that ennobles them to think of and be concerned about a higher cause, something that offers them inner connection and deeper purpose in life, something that helps them celebrate life and existence.¹⁰

Upang maintindihan ang espiritwalidad ng isang tao, kinakailangan munang maunawaan ang kultura nito. Ito ang daan upang hindi maging dayuhan ang isang tao sa kanyang espiritwalidad. Kailangan maunawaan ang konsepto nito. Gayundin, kailangang maunawaan ang espiritwalidad ng isang tao, at tanggapin na ito ay isang karanasan na nadedebelop na nakabatay sa kultura.

⁹ Albert Alejo, "Popular Spirituality as Cultural Energy," *Lecture Series on Spirituality*, (2004): 320-331.

¹⁰ Alejo, "Popular Spirituality as Cultural Energy," 320-331.

Ang Relihiyosong Gawi ng mga Bulakenyo

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang dalumat ng *cultural energy* ni Albert Alejo bilang tungtungan ng mga relihiyosong gawing naitala sa koleksiyong Beyer. Mayroong kabuuang siyamnapu't isang (91) manuskripto ang koleksiyong Otley Beyer na tumutukoy sa lalawigan ng Bulacan. Tatlumpo (30) rito'y naglalarawan ng relihiyosong pamumuhay ng mga Bulakeño mula taong 1915 hanggang 1931. Narito ang artikulong nakaayos batay sa taon ng pagkakalathala:

PAMAGAT	MAY AKDA	TAON
Native Marriage Customs in Bulakan	Josefa Chuapoco	1915
The Santa Cruz De Mayo in Bulakan Town	Antonio Fernando	1915
Social Culture of the People of Malolos	Hipolito Buendia	1915
Native Marriage Customs in Bulakan	Paulino Melano	1916
Traditional Miracles of Some Saints in Bulakan	Antonio D. Alvir	1916
The Celebration of the Holy Cross and the Fiesta of Obando	Luis Roque	1916
Superstitions Beliefs in San Miguel	Maximo Penson	1917
Religious Customs and Traditions of the People of Bulakan	Josefa De Leon	1923
Current Beliefs in Malolos	Felipe Cruz	1924
Current Beliefs in Quingwa	Rufina Romero	1924
Technical Beliefs in Malolos	Alfonso Paraiso	1924
Ancient Beliefs, Amusements, and Etiquette in Malolos	Julia J. Manikis	1925
Magic Tales from Quingwa	Rufino Romero	1925
Beliefs in Quingwa	Rufina Romero	1925
Beliefs in Santa Maria	Florencia Cruz	1925
The Part of Religion in the Social Development of Baliwag	Ambrosio Santos Jr.	1926
Social Traditions and Superstition in Malolos	Nenita Castro	1926
Customs Laws in San Miguel, Bulacan	Corazon B. Santos	1927
Customs Laws in Baliwag, Bulacan	Abelardo Oliveros	1927
Customs Laws in Meycawayan, Bulacan	Luz J. Laurel	1927
Marriage Customs in the Town of Malolos	Asuncion Gatmaitan	1927
Social Customs in Hagonoy, Bulacan Province	Ramona Santos	1927
Fiestas in Pulilan, Bulacan	Alejandro S. Espino	1927
Some Ceremonies in Connection with the Death of a Person in Malolos	Demetrio Agustin	1927
Social Life and Amusements in Bulacan	Jose Santos	1928
Superstitious Beliefs, After Death Ceremonies and Religious Rites in Banga, Bulacan	Jose Rodas	1928
St. John's Day and Santa Cruz De Mayo in Hagonoy	Federico Mangahas	1928
The Pasalamat: A Local Fiesta in Guiguinto, Bulacan	Caluag Casimiro	1930
Local Sunday Amusements in Malolos, Bulacan	Jose S. Gatmaitan	1931

Local Customary Laws in Malolos	Catalina Lorenzo	1931
---------------------------------	------------------	------

Talahanayan 1: Mga Manuskriptong may kaugnayan sa Relihiyon sa Lalawigan ng Bulacan

Kaugnay sa mga naging karanasan ng mga mamamayan ng Bulacan, may ilang mga paglalarawan ang koleksiyong Otley Beyer naitala patungkol sa mga tradisyon, kaugalian, at paniniwala ng mga Bulakeño. Ang mga karanasang ito ay naipasa mula sa samu't saring henerasyon, na marahil hanggang sa kasalukuyan ay naging bahagi na nag kultura ng buong lalawigan kung kaya't patuloy pa ring pinaniniwalaan at ginagawa. Bahagi na ito ng pagkatao ng isang Bulakeño.

Espiritwalidad ng Katawan (*Spirituality of the Body*)

Likas sa mga Pilipino ang pagiging *touchy*. Mahilig ang mga taong humawak o gamitin ang kanyang mga kamay bilang ekspresyon ng pagmamahal - pagkurot sa mga bata, paghalik sa mga kaibigan, paghaplos sa minamahal, pagsalat sa leeg ng may lagnat at marami pang iba. Ang ganitong mga gawi ay makikita rin sa pagpapahayag ng pananampalataya ng mga Bulakeño. Itinuturing natin ang Diyos bilang Diyos na tagapagpagpagaling. Ayon kay Alejo, kapag ang isang tao'y nakaratay sa banig ng karamdaman, hindi lang basta hinihiling na maibsan o matanggal ang karamdaman, espesipikong hinihiling ng mga taong alisin ang sakit ng ulo, katawan, tuhod, at iba pang parte ng katawan. Samakatuwid, ganito ang tinutukoy ni Alejo bilang espiritwalidad ng katawan. Marami sa mga gawi ang nagpapakita ng espiritwalidad ng katawan. Hindi ito nakabase sa doktrina o dogma bagkus ay yaong kung ano ang naging karanasan ng isang tao sa kanyang kaugnayan sa Panginoon.

Ganap ang espiritwalidad ng katawan sa mga gawi ng mga Bulakeño. Sa bayan ng San Miguel, sa tuwing papasok sa simbahan ang mga tao, unang ginagawa ng lalake ang magtanggap ng kanyang sombrero habang binababa naman ng babae ang kanyang belo o panyo mula sa kanyang ulo. Ilalagay ang daliri sa banal na tubig at mag antanda ng krus. Gayundin, ang paghalik sa mga kamay ng nakatatanda bilang paraan ng pagbibigay ng paggalang (San Miguel at Meycauayan). Dagdag pa rito, kapansin pansin na hindi mawawala sa kasaysayang panrelihiyon ng Bulacan ang debosyon ng mga mag-asawang hindi binayayaan ng anak sa bayan ng Obando. Sa pagsasayaw na may tamang pag-indak nakasalalay ang biyaya ng isang supling, gayundin ang pagkakaroon ng asawa. Madalas nagtataka ang ilan kung bakit paulit-ulit na ginagawa ang pagsasayaw at pananalangin sa bayang ito. Hindi inaalintana ang pagod sa biyahe, sa pisikal na pangangatawan, gayundin sa isipan. Ang tatlong araw na pagsasayaw suot ang tradisyunal na kasuotan kasabay sa kapistahan ng tatlong patron ay isang espiritwal na karanasang naibabahagi sa mga kamag-anak, kaibigan o katrabaho.

Gayundin, naipahahayag din ang espiritwalidad ng katawan sa mga perigrinasyon o *pilgrimage*. Naging tradisyon na sa mga taga-San Miguel ang pagbisita sa bayan ng Obando o sa Antipolo upang mangiling sa Mahal na Birhen. Sa kanilang pagpunta ay baon baon nila ang mga bagay na maaari nilang hawakan, inumin, ipamunas at iba pa. Gayundin, matapos ang pagsisimba sa mga nasabing bayan, ninanais din ng mga taong mag-uwi ng mga *souvenirs* na maaari nilang ibigay sa kanilang mga mahal sa buhay bilang tanda ng espiritwal

na karanasan. Tila бага naipapasa ang biyayang nakuha sa mga lugar sa mga taong pagbibigyan ng kanilang iuuwi.

Espiritwalidad ng Nakararami (*Spirituality of the Many*)

Ang konsepto ng pakikiramay at pakikisangkot ay ganap din sa kaugalian ng mga Pilipino. Gusto lagi ng mga Pilipino na may kasa-kasama sila sa kanilang pag-alis o pumunta sa isang lugar na magkakasama. Gusto nilang magprusisyon ng magkakasama, at makipagsisikan sa iba pang mga deboto. Gusto nilang magsimba ng may kasama. Magkakasama ang pamilya, ang magbabarkadang nagsisimba. Samakatuwid, ayaw nilang mag-isa, dapat may kasama. *A person always must have a companion*¹¹. Ito ang tinutukoy sa espritwalidad ng nakararami o *spirituality of the many*.

Makikita ang espritwalidad ng nakararami sa mga gawi ng mga taga-Bulacan. Karaniwan ng gawi sa mga bayan ng San Miguel, Baliuag, Malolos, Meycauayan, at Pulilan ang pananalangin ng *oracion* tuwing alas-sais ng gabi kasabay ng pagtunog ng mga kampana sa simbahan. Sama-samang nananalangin ang mag-anak, at susundan ng pagkain ng hapunan. Kapag may sakit ang isang miyembro ng pamilya, lagi rin itong may kasa-kasama. Lagi itong binabantayan. Ganap ang *close family-ties* na katangian ng mga Bulakeno. Dagdag pa rito. hindi natatapos ang ugnayan ng magkakapamilya kapag pumanaw na ang ilan sa mga miyembro nito. Sa mga burol, hindi rin iniinwanan ang patay na walang bantay. Lagi't laging may naglalamay. Makikita rin ang espritwalidad ng nakararami sa pagdiriwang ng *undas*. Naniniwala ang mga tao na ang mga kaluluwa ng mga namayapang kamag-anak ay nangibang bayan lamang. Kadalasan, naghahandog sila ng mga awit at tumutugtog ng instrumento.

Sa paghahanda rin sa pagdiriwang ng kapistahan ng mga patron sa kani-kanilyang bayan, nakagawian na rin ng mga Bulakeñoong tumulong sa kapitbahay, kamag-anak, at kaibigan sa preparasyon ng mga ihahanda sa hapag - sama-samang naghhihiwa ng mga sahog, sama-samang nagkakabit ng mga banderitas, sama-samang nagtatayo ng lona, at sama-sama ring magkakainan. Kitang kita ito sa kung paanong ang iba't ibang bayan sa Bulacan ay nagpaplano, gumagastos at higit sa lahat ay nakikiisa sa mga pagdiriwang ng kapistahan ng isang patron. Magarbo ang selebrasyon na kinabibilangan ng palabas sa plaza, kainan sa bawat tahanan at ang prusisyon na dinadaluhan ng mga mamamayan.

Ang mga ito ay malinaw na patunay ng pakikiramay at pakikisangkot katangian ng mga Bulakeño. Ito ang tinutukoy sa espritwalidad ng nakararami o *spirituality of the many*. Hindi nasanay ang mga Pilipinong magdasal at magdiwang ng mag-isa, mas gusto nilang magdasal at magdiwang kasama ang kani-kanilang pamilya't mga kaibigan.

Espiritwalidad ng Pagdiriwang (*Spirituality of Celebration*)

Ang Pilipinas ay kilala bilang isa sa mga bansang may pinakamaraming selebrasyon sa buong mundo. Halos araw-araw ay may patron na ginugunita. Kaugnay ng espritwalidad ng nakararami ay ang espritwalidad ng selebrasyon o pagdiriwang. Simula pagkapanganak hanggang sa kamatayan ay may selebrasyon sa bansa. Ganap ito sa mga gawi ng mga Bulakeño. Ipinagdiriwang ang masaganang ani. Ipinagdiriwang ang pagtanim. Ipinagdiriwang din ang

¹¹ Alejo, "Popular Spirituality as Cultural Energy," 320-331.

pagkapanganak, at kahit ang pagkamatay. Sa madaling salita, lahat ng bagay ay ipinagdiriwang.

Sa bayan ng Baliuag, ang pista ay isang mahalagang kaganapan. Pagarbuan ng tahanan, kainan sa plaza, at prusisyon ay ilan lamang sa mga kadalasang makikita. Dagdag pa rito, ang Pasko ay araw ng palitan ng mga regalo sa bawat isa, samantalang ang kapistahan ni San Juan Bautista ay panahon ng basaan upang gunitain ang pagbibinyag ni Hesukristo. Kilala na rin ang bayan ng Baliuag sa mga naglalakihang imahe tuwing mga mahal na araw. Ito rin ay dinarayo at ipinagdiriwang ng mga tao sa nasabing bayan.

Marami ring kilalang mga pista ang Bulacan na dinarayo pa ng mga tao mula sa ibang probinsya. Sa bayan ng Pulilan, pinagdiriwang ang pista halos isang buong taon. Ang bawat pag-alala sa mga patron tulad ng Mahal na Senyor ng Placencia at ni San Isidro Labrador ay pinagpaplanuhan - simula sa nobena, mga paghaharana, prusisyon, pagkain ay pinagdidiskusyunan ng mga miyembro ng pamayanan. Hindi kataka-taka na kilala ang Pulilan hindi lang sa magarbo nitong pista, kundi sa mga lumuluhod na kalabaw. Gayundin sa bayan ng Obando. Kilala ang Obando sa ritwal ng *fertility dance* sa tatlong pintakasing patron – San Pascual Baylon, Santa Clara at ang Birhen ng Salambao. Ang mga deboto ay sumasayaw sa kalsada upang humiling ng anak. Dagdag pa rito, ipinagdiriwang din ng mga taga-Obando ang pistang ilog bilang pagpapasalamat sa biyaya ng tubig na karaniwang hanap buhay ng mga mangingisda.

Ilan lamang ito sa maraming selebrasyon ng mga Bulakeño. Sa pagdiriwang ng mga mahahalagang okasyon na ito, ipinahahayag ng mga Bulakeño ang kanilang pasasalamat. Samakatuwid, ang mga ito ang lalo pang nagpapalalim ng pananampalataya ng mga Bulakeño.

Espiritwalidad ng Negosasyon (*Spirituality of Negotiation*)

Bahagi ng pagiging Pilipino ang pagsasakripisyo upang makuha ang hinihiling. Ginagawa ang lahat upang makuha ang gusto. Susuungin anumang hirap, makamit lamang ang pinapangarap. Ganito ang tinutukoy ng espiritwalidad ng negosasyon. Ayon nga kay Alejo¹²:

The word connotes haggling, a kind of give-and-take bargaining, something that we often see in flea markets. This is probably why our Tagalog for forgiveness, *patarwad*, is derived from the word *tarwad*, which is the root word also for *tarwaran*, the art of bargaining.

Sa Bulacan, makikita ang espiritwalidad ng negosasyon sa iba't ibang pamamaraan. Bago ipagdiwang ang kapistahan ng isang santo o pistang bayan, lagi itong ipinagnobena ng mga mananampalataya – siyam na araw na walang tigil na debosyon. Gayundin kapag may hiniling ang isang tao, mapa-trabaho, pagpasa sa eksamen o kahit na ano, ito'y pinagnobena. Ganito rin ang kasanayan kapag sasapit ang kapaskuhan. Siyam na gabing nagsisimba ang mga mananampalataya upang ipagdasal ang kanilang hiling. Sa ritwal ng pagsasayaw sa bayan ng Obando, kinakailangan munang sumayaw ang mag-asawa o sumama sa prusisyon, upang ibigay ang hinihiling na supling.

¹² Alejo, "Popular Spirituality as Cultural Energy," 320-331.

Pinaniniwalaang kinakailangan munang magsakripisyo upang tuparin kung ano man ang hinihiling ng isang tao. Hindi inuutusan ng tao ang Diyos na ibigay kaagad ang naisin niya. Kinakailangan munang makipag-negosasyon, kinakailangang tumawad. Dagdag pa ni Alejo:¹³

Based on the people's experience, we human beings do not command the Lord to give us immediately what we want. We have to haggle. We combine official and non-official practices to achieve our spiritual goal. This seems to be common experience.

Mapapansin na ang tatlong naunang espiritwalidad ay may halong espiritwalidad ng negosasyon. Mula sa paghiling ng kagalingan ng katawan, sa sama-samang pananalangin hanggang sa pagpapahayag ng pasasalamat sa pamamagitan ng mga selebrasyon, lahat ay paghingi ng *tarwad*, lahat ay may halong pakikipagnegosasyon. Kailangan ng sakripisyo upang makamit ang ninanais.

Paglalagom

Kinikilala ang Bulacan bilang isa sa pinakarelihiyosong lalawigan sa bansa. Makikita sa pag-aaral na ito ang malalim at mayamang kultura ng Bulacan na naging tuntungan ng espiritwalidad ng mga Bulakeño na siyang daluyan ng tinatawag ni Alejo na *cultural energy*.

Ganap ang espiritwalidad ng katawan sa mga gawi ng mga Bulakeño mula sa paghawak sa mga santo, pagmamano sa mga nakatatanda hanggang sa paghiling ng kagalingan ng espesipikong bahagi ng katawan. Gayundin ang espiritwalidad ng nakararami. Pinatunayan ng mga gawi ang kagustuhan ng mga Bulakeñong manalangin ng sama-sama. Dagdag pa rito ang pagdiriwang ng sama-sama bilang pagpapasalamat sa mga biyayang tinanggap at tatanggapin pa sa hinaharap. Ang lahat ng ito ay kinapapalooban ng espiritwalidad ng negosasyon.

Our popular spirituality is a spirituality of the body, not of abstracted essence of the spirit. It is the spirituality of the many, not of the soloist individual. It is a spirituality of celebration, and never a denial of the self or of the world. It is also a spirituality of negotiation, not of dogmatic do's and don'ts.¹⁴

Ito ang nagiging wika ng pananampalataya ng mga Bulakeño, ito ang nagiging paraan ng kanilang pananampalataya. Nakatatawang may mga tao pa ring tinitingnan ang mga gawaing ito bilang hindi maka-Diyos, at hindi katanggap-tanggap. Subalit ang totoo, ang dalumat ni Alejo ng *cultural energy* ay nagbibigay ng mas malalim na depinisyon ng kapangyarihan. Ayon nga kay Alejo: *Let me not waste time being apologetic for my observation*. Tunay ngang sa pag-aaral ng relihiyon, makikita ang mga umuusbong na phenomenon sa kasalukuyan na maituturing na nakakaapekto sa isang lipunan, at sa bawat indibidwal na kabilang dito.

¹³ Alejo, "Popular Spirituality as Cultural Energy," 320-331.

¹⁴ Alejo, "Popular Spirituality as Cultural Energy," 320-331.

Mga Sanggunian

Artikulo na dyornal:

Alejo, Albert. "Popular Spirituality as Cultural Energy". *Lecture Series on Spirituality*, (2004): 320-331.

Artikulo na diyaryo:

Monsod, Solita C. "Sainthood for the Talangpaz Sisters" *Philippine Daily Inquirer*, 2018. <https://econ.upd.edu.ph/perse/?p=7043>.

Mga Aklat:

Barrantes, Vicente. *Apuntes Interesantes sobre las Islas Filipinas*. Madrid: Imprenta de El Pueblo, 1869.

Guerrero, Evelyn. *The Beyer Collection with Reference to the Philippine Ethnographic Series*. Canberra: The National University, 1980.

National Historical Institute. *Historical Markers, Regions I-IV and CAR*. Manila: NHI, 1993.

Zamora, Mario D. *Studies in Philippine Anthropology, in Honor of H. Otley Beyer*. Quezon City: Phoenix, 1967.

Mga pook-sapot:

Godoy, Luke. "Bocaue builds church for Korean saint."
<https://cbcponlineradio.net/bocaue-builds-church-for-korean-saint/>

National Statistics Office. "Census of Population and Housing Report no. 2, Volume I: Demographic and Housing Characteristics (Bulacan)."
<https://psa.gov.ph/sites/default/files/BULACAN%20.pdf>.

Schoenstein, Erwin. "San Pedro Baustista in the Philippines."
<https://ofmphilarchives.tripod.com/id111.html>

Sandigan – Official Website of the Roman Catholic Diocese of Malolos.
"History of Diocese of Malolos." <https://malolosdiocese.ph/history/>.